# Buntis ngayon o nasa loob ng huling taon?

**Kumuha kaagad ng pangangalagang medikal kung nakakaranas ka ng alinman sa mga sumusunod na sintomas:**

**Pananakit ng ulo na hindi nawawala o lumalala sa paglipas ng panahon**

**Pagkahilo o pagkahimatay**

**Mga pagbabago sa sa iyong paningin**

**Lagnat na 100.4˚F o mas mataas**

**Matinding pamamaga ng iyong mga kamay o mukha**

**Mga saloobing saktan ang sarili mo o ang iyong sanggol**

**Hirap sa paghinga**

**Pananakit ng dibdib o mabilis na pagtibok ng puso**

**Malubhang pagduduwal at pagsusuka**

**Malubhang pananakit ng tiyan na hindi nawawala**

**Pagtigil o pagbagal ng paggalaw ng sanggol sa panahon ng pagbubuntis**

**Malubhang pamamaga, pamumula o pananakit ng iyong binti o braso**

**Pagdurugo o pagtulo ng likido sa ari sa panahon ng pagbubuntis**

**Matinding pagdurugo o pagpapalabas sa ari pagkatapos ng pagbubuntis**

**Labis na pagkapagod**

Maaaring mga palatandaan ito ng mga seryosong komplikasyon. Kung hindi mo maabot ang isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, pumunta sa emergency room. Tiyaking sabihin sa kanila na buntis ka o buntis sa loob ng nakaraang taon.

**Alamin ang higit pa sa www.cdc.gov/HearHer**

HEAR
PAGKINGGAN ANG KANYANG MGA ALALAHANIN

*Ang listahan ng mga kagyat na palatandaan ng babala sa buntis ay ginawa ng Konseho sa Kaligtasan ng Pasyente sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Kababaihan.*